

# Kaligtasan sa Lindol sa Loob ng mga Tindahan



## Pag Papasok sa Tindahan, Tumingin Ka sa Paligid

- Ano ang nasa itaas at sa paligid mo na maaaring gumalaw o bumagsak pag lumindol?
- Maghandang gumamit ng mahusay na pagpapasya upang protektahan ang sarili sa mga bagay na bumabagsak.

**Ang mga tao ay madalas na nasasaktan pag lumilindol kung sila ay nagtatangka na maglakad at natamaan ng mga nahuhulog na bagay o nakaapak ng baso o iba pang matutulis na bagay.**

## Pag Nakaramdam ka ng Yanig o Nakatanggap ng Alerto sa Lindol

**BUMABA** sa sahig kung nasaan ka – bago ka matumba dahil sa pagyanig.

Maghanap ng **SILUNGAN** at gamitin ang bisig para protektahan ang iyong ulo at leeg, at sikaping paliitin ang bahagi ng katawan na matatamaan ng mga nahuhulog na bagay.

- Ang shopping cart ay maaring magbigay ng ilang proteksyon.
- Ang pagkubli sa loob ng raketa ng damit ay maaaring magbigay ng ilang proteksyon.
- Sa pagitan ng mga matataas na istante (tulad ng mga nasa bodegang tindahan), ang pagkubli sa ilalim ng estante ay magbibigay ng ilang proteksyon.

**HUMAWAK** sa isang bagay na matibay.



Ang mga tao sa California ay hinihikayat na mag-download ng MyShake app para makatanggap ng alertong mensahe ukol sa lindol sa kanilang cellphone.

Sa mga patnubay sa iba pang mga sitwasyon, pati na sa labas, sa mga sinehan, o kung gumagamit ng wheelchair, pumunta sa [EarthquakeCountry.org/step5](https://www.earthquakecountry.org/step5).

